
7

# Learning Activity Sheet
# sa FILIPINO
# Kuwarter 3- Week 5- MELC 7

## PAGBUBUOD NG TEKSTONG BINASA SA TULONG NG PANGUNAHING KAISIPAN



**REHIYON VI- KANLURANG VISAYAS**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

# Learning Activity Sheet 7

Pangalan ng Mag-aaral: ____________________ Taon at Pangkat: ____________
Petsa: ______________

## FILIPINO 7 ACTIVITY SHEET

**Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahing kaisipan**

**I. KASANAYANG PAMPAGKATUTO AT KODA**
**Naibubuod ang tekstong binasa sa tulong ng pangunahing kaisipan**
**F7PB-IIIf-g-17**

**II. PANIMULA**

**SANAYSAY**

Ang **sanaysay** ay isang uri ng panitikang nasusulat sa anyong tuluyan na karaniwang pumapaksa sa mga kaisipan at mga bagay-bagay na sadyang kapupulutan ng aral at aliw ng mga mambabasa. May dalawang anyo ang sanaysay. Ito ang **pormal o maanyo** at **pamilyar o personal**.

**1. Pormal o Maanyong Sanaysay –** nagtataglay ng makatotohanang impormasyon, piling mga salita, at pahayag na maingat na tinalakay kaya't masasabing mabisa. Ito ay may maayos na balangkas na nakatutulong sa lohikal na paglalahad ng kaisipan. Ang ganitong uri ng sanaysay ay karaniwang umaakay sa mga mambabasang mag-isip nang malalim at paglakbayin ang guni-guni. Ang pormal na sanaysay ay nagnanasang magpaliwanag, manghikayat at magturo tungo sa pangkaunlarang-isip at moral ng mga mambabasa.

**2. Pamilyar o Di-Pormal –** tinatawag ding palagayang sanaysay. Ito ay mapang-aliw, mapagbiro, at nagbibigay-lugod sa pamamagitan ng pagtalakay sa mga karaniwan, pang-araw-araw at personal na paksa. Binibigyang-diin nito ang karanasan at mga isyung bukod sa kababakasan ng personalidad ng may-akda ay maaaring naranasan din ng mambabasa. Ang pananalita ay parang usapan lamang ng magkakaibigan kaya magaan, madaling maintindihan at palagay na palagay ang loob ng may-akda. Malimit itong nasusulat sa unang panauhan.

**III. SANGGUNIAN**

Picuki.com
Sunstar.com.ph

## IV. MGA GAWAIN

**Panuto: Basahin ang halimbawang sanaysay sa ibaba. Sagutan ang mga kasunod na gawain batay sa sanaysay na ito.**

### Dinagsa Festival

Ang Dinagsa Festival ay isang linggong pagdiriwang na ginagawa tuwing buwan ng Enero upang bigyan ng karangalan kay Señor Sto. Niño o ang batang si Jesus. Ang pagdiriwang na ito ay dinadaraos para sa hangarin na hilahin ang mga tao mula sa kanilang mga maling gawain at magmumulat sa kanila na ituon ang sarili sa makabuluhang bagay at kung ano ang tunay na kakanyahan ng pagsasama-sama at upang magpasalamat at magpuri sa kay Santo Niño.

Ito rin ang pinakahinihintay ng mga Cadiznon at maging ng ibang kalapit lungsod ng Cadiz upang dumalo at makisaya sa pagdiriwang na ito tuwing buwan ng Enero. Nagsisimula pa lamang ang Buwan ng Nobyembre ay maririnig mo na ang tunog ng mga tambol at musikang ginagamit ng mga mananayaw na kalahok sa Merry Making at Street Dancing.

Mas naging tanyag ang pagdiriwang na ito dahil sa tinatawag na "Lamhitanay Festival" kung saan ang mga Cadiznon pati na rin ang mga turista ay nakikiisa sa kaganapang ito. Ang mga tao ay nagsusuot ng puti o itim na damit upang makita ang isang likhang sining mula sa mga pinagsamang kulay na sumusimbolo sa pagiging masayahin at makulay na kultura ng Lungsod. Sinasalamin nito na kahit ano mang problema o pagsubok ang dumating ay nalalampasan parin ito nang may ngiti sa mga labi. Ipinapakita rin na palakaibigan ang mga tao rito dahil magiliw at mainit ang kanilang pagtanggap sa mga bisita.

Nagkaroon man ng pandemya ay hindi ito naging hadlang upang ipagdiwang ang importanteng kaganapang ito sa pagpapasalamat sa mahal na Santo Niño. Saang lugar ka man nagmula, iba iba man ang ating paniniwala ipinapakita lang na ang bawat Pilipino ay nagpapahalaga sa kanilang kultura at tradisyon at may matatag na pananampalataya.

**GAWAIN 1**

**Panuto: Sagutin ang sumusunod na mga katanungan batay sa sanaysay na binasa.**

1. Tungkol saan ang binasang sanaysay?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Anong kultura ang nakapaloob sa binasang akda?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Paano natin maipapakita ang pagpapahalaga sa tradisyong mayroon ang ating lugar?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**GAWAIN 2**

Anong kaisipan ang iyong mabubuo mula sa mga larawan batay sa binasang Sanaysay? Isulat ito sa sagutang papel.

| **LARAWAN 1** | **LARAWAN 2** |
|---|---|
|  |  |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |
| ______________________________ | ______________________________ |

**GAWAIN 3**

**Panuto: Sa tulong ng mga pangunahin at pantulong na mga kaisipan, ibuod ang nilalaman ng binasang sanaysay ayon sa nilalaman ng bawat talata nito.**

**UNANG TALATA**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**IKALAWANG TALATA**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**IKATLONG TALATA**

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

**REPLEKSIYON**

Natutuhan ko na mahalagang patuloy na basahin, pag-aralan, at matuto mula sa iba't ibang alamat ng ating bayan dahil:

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

______________________________________________________________________________

**SUSI SA PAGWAWASTO:**

***Gawain 1***
*Ang sagot ay nakabatay sa sariling opinyon ng mag-aaral.*
***Gawain 2***
*Ang sagot ay nakabatay sa sariling opinyon ng mag-aaral sa larawang ibinigay.*
***Gawain 3***
*Ang sagot ay nakabatay sa pag-unawa ng mag-aaral sa bawat talata.*